# Misyon, Pananaw, Layunin at mga Pinahahalagahan ng SDOT

**Mga Prayoridad ni Mayor Nickels para sa Seattle**

- Ipagpatuloy ang Pagsulong ng Seattle
- Panatilihing Ligtas ang Ating Kapitbahayan
- Lumikha ng Trabaho at Oportunidad para sa Lahat
- Magtayo ng Matatatag na Pamilya at Malusog na Komunidad

**Misyon ng SDOT**

Makapagkaloob ng isang ligtas, maaasahan at episyenteng sistema ng transportasyon na magpapalago sa kapaligiran ng Seattle at sa masiglang ekonomiya nito.

**Pananaw ng SDOT**

Isang Masiglang Seattle sa Pamamagitan ng Pinakamaayos na Transportasyon

**Mga Layunin ng SDOT**

Upang makamit ang pagkakaroon ng pinakamahusay na transportasyon, aming:

- Patuloy na gagamitin ang kasalukuyang inprastruktura ng transportasyon, at gagamitin ito sa pinakamahusay na maaabot ng kagalingan nito.

- Pakilusin ang mga tao at produkto nang episyente at ligtas, gamit ang teknolohiya kung saan man posibleng magamit ito, upang malampasan ang mga hamon ng transportasyon.

- Babawasan ang pag-asa sa sa mga sasakyan at gagawing maalwan at kaakit-akit ang mga transit, lugar na pinagbibisikletahan at nilalakaran.

- Huhubugin ang hinaharap na pag-papaunlad na isasagawa para sa transportasyon, na magpapakita ng papel na gagampanan ng Seattle at mga koneksyon sa mga rehiyon.

- Isasaloob sa bawa’t desisyon, proyekto at programa ang pagkakaroon ng pinakamagandang kapaligiran.

- Isusulong ang aming kapitbahayan at mga komunidad bilang lugar na masarap tirahan.

- Ilalaan ang pinakamahusay na serbisyong pang-kustomer sa mga residente ng Seattle, mga negosyo, mga kapitbahayan, mga bisita at mga ka-partner mula sa mga rehiyon.

- Gagabayan ang mga puhunan na magbibigay ng kontribusyon sa kasiglahan ng ekonomiya ng Seattle at ng rehiyon.

- Pangangasiwaang mabuti ang mga mapagkukunan, sa pamamagitan ng matalinong hakbang sa pagsasagawa ng mga dapat na gampanan.

- Bagong kasapi, sasanayin at pananatilihin ang isang lakas-manggagawang nagkakaiba-iba, kinabibilangan ng maraming kultura at nagbibigay ng kahalagahan at gumagalang sa aming mga empleyado.

**Mga Pinahahalagahan ng SDOT**

Kung magiging gawi na namin ang mga pinahahalagahang ito, ang SDOT ay magiging isang na mapag-alaga, kagalang-galang at matapat na organisasyon. Makikilala kami sa aming integridad, sa aming kakayahang magtrabaho na kasama ang mga tao upang malutasan ang mga problema, at ang aming pagiging malikhain. Mapapaunlad ng bawa’t tao sa organisasyon ang kanyang buong potensiyal. Ang SDOT ay magiging isang lugar na masigla, makabago at punong-puno ng lakas, at isang lugar kung saan magandang magtrabaho.

Ipinagmamalaki namin ang pagkakaloob ng isang de-kalidad na serbisyong pam-publiko.

Kami ay mga propesyunal sa aming larangan at kumikilos kami bilang ganito.

Responsibilidad namin ang aming tagumpay at aktibo kaming kikilos upang ang iba ay magtagumpay.

Maayos naming nababalanse ang trabaho at ang aming mga personal na buhay.

Bawa’t isa sa organisasyon ay pinahahalagahan at pinasasalamatan sa kanilang mga kontribusyon sa samahan namin sa SDOT.

Iginagalang namin at tinatanggap ang pagkakaiba ng bawa’t isa, maging ang mga pagkakaiba-iba mang iyon ay may kaugnayan sa lahi, bansang pinagmulan, etniko, wika, kasarian, mga karanasan sa buhay o oryentasyong sekswal.

Tuwiran ang aming pakikipagtalastasan, paggalang at may katapatan sa isa’t-isa.

Lahat kami ay may responsibilidad para sa isang ligtas at maayos na kapaligiran para sa trabaho.

Kami ay nagsusulong ng mga pagbabago at malikhain kami sa aming trabaho, upang mapaganda ang kalidad ng pamumuhay sa Sattle.